# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 10, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN ..... PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. De Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban ..... Kagawad
Kagalang-galang Lea A. Almarvez ..... Kagawad
Kagalang-galang Efren L. Diaz ..... Kagawad
Kagalang-galang Lucena R. Odejar ..... Kagawad
Kagalang-galang Alan T. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw ..... Kagawad/ABC Federation President
Kagalang-galang Regine S. Regalado ..... Kagawad/ SK Federation President

DI-DUMALO:

Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven ..... Kagawad

RECORDED 15 FEB 2022

RELEASED NAME DATE 02/14/22 TIME

**KAPASIYAHAN BLG. 139-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 47-T2021/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 14-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN PITUMPU'T APAT NA LIBO TATLONG DAAN TATLUMPU'T TATLONG PISO AT LABING LIMANG SENTIMOS (P174,333.15) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) FUND NG BARANGAY POBLACION I, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** iniliwat ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan ang Kapasiyahan Blg. 47-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 14-T2021 ng Barangay Poblacion I na naglalayong makapagpatibay ng 5% Gender and Development (GAD) Fund ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** ito ay napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay matalakay at malaman ng mga kasapi ang mga pangunahing pangangailangan ng barangay na paglalaanan ng naturang pondo ay ipinasya ng Tagapamuno ng naturang lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 47-T2021/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 14-T2021 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P174,333.15 para sa limang bahagdan (5%) Gender and Development (GAD) Fund ng Barangay Poblacion I, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Poblacion I, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 10, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
02-14-22